Enrile, Estrada, Revilla, mananalo pa ba?

INSPIRASYON SA BUHAY: "… `Huwag kayong humatol, nang kayo'y di hatulan. Sapagkat hahatulan kayo ng Diyos ayon sa paghatol ninyo sa iba, at susukatin kayo ayon sa panukat na ginagamit ninyo sa iba'…" (si Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas na Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa Mateo 7:1-2, Bibliya).

-ooo-

PANAWAGAN LUMALAKAS PARA SA MGA BAGONG KADIDATO: Lumalakas sa aking tingin ang panawagan ng maraming Pilipino na puro bago na lang ang iboto bilang mga senador sa darating na halalan sa Mayo 2019. Ang argumento nila, ayaw na nila ng mga nakaupo, o dating mga nakaupo, na mga senador, kasi wala naman silang nagawang mabuti para sa sambayanan noong kanilang kapanahunan.

Sabi ng mga taong isinusulong ang mga bago lamang na mga kandidatong senador, panahon na upang subukan naman ang mga baguhan. Baka sakali, ayon sa mga botanteng ito, na magiging mas pursigido ang mga bagong mahahalal na senador, kasi gugustuhin ng mga ito na magpasikat sa sambayanan.

Kung tutuusin, medyo hindi kaaya-ayang batayan sa pagboto yung bago lamang na kandidato. Pero, maliwanag namang hindi natin pupuwedeng sisihin ang mga gustong bago lamang ang iboboto, kasi nga matagal-tagal na din namang nauunsiyami sila sa mga datihang mukha sa Senado. Sa tagal na ng mga ito bilang mga senador, mas malaki pa yung kinita nila bilang mga pork barrel kaysa sa naibahagi nila sa mga Pilipino.

-ooo-

ENRILE, ESTRADA, REVILLA, MANANALO PA BA? Ang isa pang magandang obserbahan sa Mayo ay kung ano ang kahihinatnan nina dating Sen. Juan Ponce Enrile, dating Sen. Jinggoy Estrada, at dating Sen. Ramon "Bong" Revilla Jr. Sila yung tatlong senador na kinasuhan ng gobyernong Noynoy Aquino dahil diumano sa kanilang pakikipagsabwatang sa isang negosyante para maibulsa nila ang daandaan milyong pork barrel allocation nila.

Of course, absuwelto at inihayag na ng Sandiganbayan na si Revilla ay walang pananagutang kriminal sa isyu. Sa kabilang dako, si Enrile at Estrada ay nakalalaya lamang pansamantala, matapos silang makulong ng halos tatlong taon, dahil pinahintulutan silang magpiyansa. Si Enrile, pinagpiyansa kasi matanda na daw siya. Si Jinggoy, pinagpiyansa kasi lumilitaw na mahina ang ebidensiya laban sa kaniya.

Ang tanong: makakaapekto ba sa kanilang pagiging kandidato ang pagkakadawit nila sa pork barrel scam? Pagtitiwalaan pa ba sila ng sambayanan upang mailuklok muli silang mga senador ng bayan? Kung sakaling mananalo na naman sila, ang ibig bang sabihin noon ay hindi pinaniwalaan ng tao ang mga akusasyon laban sa kanila?

-ooo-

NARCO LIST, ISASAPUBLIKO? NAKOW, MAY PROBLEMA YAN: Yung plano naman ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na isasapubliko daw nito ang listahan ng mga "narco-politicians" o mga pulitikong sinasabi nilang sangkot sa droga ay mabuti sana, dahil malalaman na sana ng publiko kung sino ang mga kasapi ng drug syndicates sa hanay ng mga pulitiko sa bansa.

Pero, may mga matitinding balakid upang ito ay lubusang maisakatuparan. Ang unang balakid ay ang Saligang Batas mismo, na nagsasabing ang lahat ng tao dsa Pilipinay ay may karapatang ituring na inosente sa krimen hanggang hindi napapatunayan ng mga hukuman, matapos ang paglilitis, ang kanilang pananagutan. Pag binalewala ng DILG ito, graft and corruption tiyak ang kaso nila pagbaba ng Pangulong Duterte sa puwesto.

Pangalawa, alam naman natin na lagi ng may bahid ng duda ang anumang listahan ng mga kriminal sa bansa. Lagi ng may tanong: ano ba ang partikular na mga ebidensiya na nakalap ng DILG at ng pulisya na nagpapakitang sangkot nga ang mga nasa listahan sa droga? Kung may litrato o testigo, bakit di na lang sinampahan ng kaso ang mga pulitiko? At bakit ngayong sa panahon lamang ng pulitika ito ilalabas? Para sirain ang ilang kandidato?

-ooo-

TAWAG NA PARA SA MGA TANONG, PAYO, AT TULONG: Sa mga nais tumawag o magtanong, o humingi ng tulong, sa akin sa mga tinatalakay sa "Ang Tanging Daan" o sa "Kakampi Mo Ang Batas", maaari po kayong tumawag o magtext sa mga numero ko: 0977 805 9058, 0917 984 2468, 0918 5740193 at 0933 825 1308. Maaari din po kayong mag-email sa akin sa batasmauricio@yahoo.com, o magpadala ng inyong mga mensahe sa aking Messenger sa Facebook (Melanio Lazo Mauricio Jr.). Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

Reciprocate firefighters' sacrifice with modern equipment

MANILA -- With the annual observance of Fire Prevention Month this March, a lawmaker at the House of Representatives on Thursday reiterated the call for the national government to modernize the Bureau of Fire Protection (BFP).

In an interview, Leyte Rep. Yedda Marie Kittilstvedt-Romualdez commended the country's firefighters and volunteers "whose proudest moments are to save lives, homes and properties."

"They are always there, night and day, for us and not giving up the battle despite physical limitations and lack of support for their welfare," she said.

"They are involved in a very noble calling and indeed, they are very selfless people who put their lives on line. It is important for us not to forget them. Instead, we should always recognize and celebrate their heroism," Romualdez said.

The chairperson of the House Committee on Accounts said the best way for the nation to reciprocate their bravery and compassion is to provide firefighters with modern equipment.

"The lives of our firefighters and fire victims are also in great danger if our firefighting equipment is not reliable," she said.

"We have to seriously invest more in modernizing the BFP for the best interest of the nation. Let us build fire stations and purchase modern equipment for our firefighters," she added.

Romualdez also called on Congress to appropriate the needed funds for the modernization of the BFP.

She also stressed the need "to provide fire trucks, fire stations and modernized firefighting equipment to majority of towns in the countryside," citing a recent fire incident in Barangay Narra in Catarman, Northern Samar where the Tingog party-list conducted a relief operation for the victims.

A total of 81 families were affected by the fire, with 61 houses totally damaged and 20, partially destroyed.

Meanwhile, Romualdez urged the BFP to continuously inspect residential homes and buildings for possible fire hazards.

Noting that most fire cases were caused by careless behavior, she also called on government to enhance its public awareness campaign through seminars, public leaflets and handouts containing safety tips on fire prevention.

"For us to help prevent fire, we should always adhere in the promotion of public safety and follow safety measures," she said.

"The public should also do their share by always staying vigilant against fires. Let us all continue to learn and educate our neighborhoods in preventing fire incidents," Romualdez said. (PNA)

Gov't launches newspaper vs. fake news

MANILA -- Staying true to their commitment of transparency and good governance, the Duterte administration launched on Thursday Balita Central, a newspaper dedicated to disseminating updates and development of government projects and programs.

Through the Presidential Communications Operations Office's (PCOO) Bureau of Communication Services (BCS), Balita Central will serve as a government medium to communicate with the public its efforts to provide better lives to Filipinos as well as address current social issues in the country.

"This as we seek to make the public informed of the current and relevant events, we believe that one of the hallmarks of democracy is a literate, informed citizenry," PCOO Undersecretary George Apacible said during the launch at the LRT-2 Araneta-Cubao Station.

Apacible also urged the public to help combat the spread of #FakeNews through verifying stories before taking it as truth.

"I encourage the public to continuously support [the PCOO, and now] Balita Central as people's partner in making change happen," Apacible added.

The 12-page newspaper, which will be distributed in select LRT and MRT stations, will include PCOO Secretary Martin Andanar's and Presidential Spokesperson Salvador Panelo's columns. It will also contain the column of BCS officer-in-charge Eileen Cruz-David.

"Ang Balita Central ang magsisilbing tulay para maugnay ang puso ng gobyerno at pulso ng mga mamayang Pilipino (Balita Central will serve as a bridge to link the heart of the government and the pulse of Filipinos," David said in an interview.

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ..... P180/col.cm.
LEGAL/ NOTICES ..... P160/col.cm.

NORTH SOUTH JOURNAL
PATAS AT MAKATARUNGANG PAHAYAGAN

ANG **NORTH SOUTH JOURNAL** ay inilalathala ng **NorthSouth Journal**, tuwing araw ng Linggo na may tanggapan sa 385 Alima, Bacoor, Cavite
Tel. No. (046) 434-6167

email:
northsouthjournal2018@gmail.com
southstarprintcenter@yahoo.com

MANILA OFFICE: 372 Real St. cor. San Antonio Valley 17, Talon 1, Las Piñas City, (beside Brgy. Hall)
Tel. No. (02) 817-0607
ILOCOS NORTE OFFICE: Banna, Ilocos Norte

ROSITA C. CACACTIN
Publisher
EDILBERTO JULIAN
Marketing
RODRIGO FABRO
Circulation Officer (NCR)
JULIUS C. CACACTIN
Circulation Officer (CALABARZON)
Gen. CESAR P. KABILING (ret.)
LEO CANTA
Consultants

FLORENDO T. CACACTIN
Associate Publisher & General Manager
MANNY CALDITO
DAN DANAO
JULIUS JULIAN
Correspondents
Atty. BATAS MAURICIO
Atty. FERNANDO PERITO
Legal Counsels

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.

papi